Republic of the Philippines
**Department of Education**
NATIONAL CAPITAL REGION

DEPARTMENT OF EDUCATION - NCR
RELEASED
RECORDS SECTION DEPED NCR
APR 27 2023
BY:
DATE: 10:53am

Advisory No. 143, s. 2023
Abril 26, 2023
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
This Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

**PAMBANSANG SEMINAR-PAGSASANAY**

Magdaraos ng Pambansang Seminar-Pagsasanay ang Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF) na may temang "Ugnayang Pananaliksik, Pedagohiya at Teknolohiya tungo sa De-Kalidad na Edukasyon sa Post-Pandemya na magaganap sa Ika-21-23 ng Hulyo 2023 sa Philippine Normal University, Manila.

Layunin ng seminar-pagsasanay ang sumusunod: (1) maipaliwanag ang praktika kaugnay sa pagsusulat at pagdedepensa ng pananaliksik, (2) maibahagi ang mga estratehiya sa pagsulat ng pananaliksik sa mga refereed journal at presentasyong pampubliko nito, (3) mailarawan ang nilalaman ng Filipino bilang isang ganap na disiplina partikular sa nilalalaman nito, (4) maituro ang mga mabisang estratehiyang nakaangkla sa diskurso at konteksto ng postpandemya, at (5) maidemo ang aktuwalisasyon at realisasyon ng teknolohiya para sa iba't ibang disiplina sa sitwasyon ng post-pandemya.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa telepono 09399042269 at email address b_bical@yahoo.com.

Encl.: As stated

**Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)**
**Lungsod Naga**
**SEC Company Reg. No 202108002154201**
**Telephone number (054) 884-0985**

24 Abril 2023

**Kgg. Dr. WILFREDO E. CABRAL**
Direktor
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyong NCR

Mahal na Direktor Cabral:

Mapagpalang araw po.

Ang***Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)*** ay magdaraos ng **Pambansang Seminar-Pagsasanay** na may temang *"Ugnayang Pananaliksik, Pedagohiya, at Teknolohiya tungo sa De-Kalidad na Edukasyon sa Post-Pandemya"* na magaganap sa **ika-21-23 ng Hulyo 2023** sa **Philippine Normal University, Manila**

Layunin ng seminar-pagsasanay ang sumusunod: **(1)** maipaliwanag ang praktika kaugnay sa pagsusulat at pagdedepensa ng pananaliksik, **(2)** maibahagi ang mga estratehiya sa pagsulat ng pananaliksik sa mga *refereed journal* at presentasyong pampubliko nito, **(3)** mailarawan ang nilalaman ng Filipino bilang isang ganap na disiplina partikular sa nilalalaman nito, **(4)** maituro ang mga mabisang estratehiyang nakaangkla sa diskurso at konteksto ng post-pandemya, at **(5)** maidemo ang aktuwalisasyon at realisasyon ng teknolohiya para sa iba't ibang disiplina sa sitwasyon ng post-pandemya.

Hinihikayat ang **mga guro at/o edukador sa antas ng elementarya hanggang *Senior High School*** na mapahintulutang makadalo at makalahok sa makabuluhang gawaing ito. Kalakip ng sulat na ito ang mekaniks at/o tuntunin sa pagbabayad at ang programa. Kaugnay nito, hinihiling ng aming samahang makakuha ng ***memo/advisory*** ng inyong pag-endoso o pabatid man lamang para sa gawaing ito. Bagama't may inilabas na ***Moratorium*** ang ***NEAP***, lagi pa rin pong hinihingi ng mga guro ang mula sa ***DepEd*** na papel. Para po makakuha rin sila ng ***Travel Authority***.

Nawa'y magkaroon ng positibong tugon ang sulat na ito sa pagpapatuloy at pagpapaalab ng de-kalidad na edukasyon lalo na't pagpapalakas sa wikang Filipino. Sa karagdagan at iba pang tanong at paglilinaw, maaari pong makipag-ugnayan sa teleponong **09399042269** o sa email address na **b_bical@yahoo.com**. Dalangin po namin ang inyong positibong pagtugon.

Salamat po.

Lubos na gumagalang,

**VASIL A. VICTORIA, PhD**
Punong Tagapamahala ng Gawain

**MELINDA R. CARDANO, EdD**
Pangulo ng *SAGIF*